

PROLOGUE

Dakak Beach, Zamboanga del Norte...

Nakahiga si Ayna sa buhangin, nakatingala sa langit. Alas nuwebe ng gabi, maliwanag ang langit at napakaraming bituin.

Huling gabi na niya sa Mindanao, dahil bukas ay babalik na siya sa Luzon. Tapos na ang trabaho niya bilang social worker. Binigyan siya ng despedida party ng mga kasama at nagkasundo silang mag-overnight sa Dakak Beach.

Nagkaroon sila ng masaganang dinner kaninang alas sais. Pagkatapos kumain ay nagkayayaang mag-videoke ang mga lalaki habang ang iba ay nag-inuman. Nakikanta sa kanila si Ayna pero nang mapagod ay pinili niyang maglakad-lakad sa beach, at ngayon nga ay nakahiga na siya.

Mayamaya ay naramdaman ng dalaga na may humiga sa tabi niya. Si Razel iyon, kasama niyang social worker at isa sa pinakamalapit sa kanya.

“Alam mo, ngayon pa lang ay nalulungkot na

ako.” Nilingon niya ang babae. Nakatingala rin ito sa langit. “Nasanay na kasi ako na kasama ka sa mga projects dito sa Mindanao.”

“Nalulungkot din naman ako. Pero aaminin ko, excited ako sa bagong kabanata ng buhay ko. Matagal ko na kasing pangarap ito, eh. Simula nang mabasa ko ang buhay ni Princess Diana, gusto ko na talagang makita ang London.”

“Oo nga. Lagi mong sinasabi na pupunta ka d’un. Akala ko naman, wishful thinking lang. ‘Yun pala, tototohanin mo.’”

“Naisip ko kasi na kapag hindi ko ‘to ginawa ngayon, baka hanggang tumanda ako, hindi ko na magawa. Di ba?”

“Yeah. Alam ko naman ang sinasabi mo. Ako nga rin, eh. Iniisip ko na rin na mag-iba ng linya.”

Nilingon niya si Razel. “Aalis ka na rin?” Hindi siya makapaniwala dahil alam niya kung gaano ka-dedicated ang babae sa mga projects nila.”

“Gusto ko rin namang mag-asawa, ano ba!” Sinundan iyon ni Razel ng mahinang tawa. “Mahirap magka-lovelife sa ganitong trabaho.

Lagi tayong nasa field.”

“Jowa pala ang dahilan kung bakit iniisip mo nang mag-iba ng trabaho. At least ako, in pursuit of higher learning.”

Sabay silang nag-apir at nagkatawanan. Mayamaya ay napabangon si Razel, sabay turo sa langit.

“Falling star! May falling star, o! Mag-wish ka, bilis!”

“Ha?” Nataranta si Ayna, napabangon na rin siya. Nakita niya ang pagbulusok ng isang liwanag. Pumikit siya at mabilis na nag-wish.

“Gusto ko ng jowa!” sigaw si Razel.

Napahalakhak si Ayna saka sinaway ang kasama. “Baka mabulabog ang ibang bisita dito sa resort!”

“Ikaw, wala ka bang balak mag-asawa?” tanong nito sa kanya.

“Ewan ko. Bahala na. Malay mo, sa London ko pala matagpuan si *Prince Charming!*”

“Sana ‘yun ang winish mo sa falling star!”

“Ang hiniling ko ay sana marami pang stars

Wish upon a Superstar by Averiz Gale

na magpakita sa atin, para mas marami tayong wish!”

“Oo nga, ano?” Agad namang naniwala si Razel sa sinabi niya. Kaya tuluyan nang natawa ang dalaga.

1

“Ano’ng ibig niyong sabihin na may offer na trabaho sa akin? Anong klase? Saan?” duda si Ayna nang sabihin sa kanya ng mama niya na may naghihintay na trabaho sa kanya sa Maynila.

“Hay naku, anak, madali lang ito. Para ka lang namamasyal. Kikita ka pa nang malaki. Mantakin mo ‘yung thirty-five thousand monthly para lang maglakwatsa!” Mas excited pa yata sa kanya ang ina habang nagkukuwento. Lalo tuloy siyang nagduda kung anong klaseng trabaho iyon.

Hindi kaya ibinubugaw na siya ng sarili niyang ina para maging isang escort girl? ‘Yun lang ang alam niyang trabaho na may involved na lakwatsa. Ang sasama sa mga turistang foreigners, may kapalit na dollars!

Pero hindi naman ganun ang mama niya. In fairness ay disente ang pamilya nila. Hindi rin naman sila naghahirap para maisipan ng mama niyang pasamahin siya sa mga turista.

“Eh, anong klaseng trabaho po ang sinasabi n’yo? Bakit malaki ang sweldo?”

“Naku, madali lang! Kaya nga kung ako sayo, grab this na!” sabi pa ng ginang na tunog-kolehiyala ang lenggwahe at tono.

“Baka naman droga ang involved diyan kaya malaki ang sweldo? O di kaya prostitusyon? Mama ha, baka ibinubugaw n’yo na ako!” biro niya pero hindi nawawala sa isip ang pagdududa.

“Gaga! Kelangan ni Tyrone ng personal assistant at secretary, sasama-sama lang sa mga shooting niya at guestings. ‘Yun lang ang gagawin! O di ba, madali lang? Ang laki ng sweldo!”

“Sinong Tyrone?” Clueless siya sa sinasabi nito. Hindi niya type ang pangalang tunog turon! Baka magmukha siyang saging.

“Si Tyrone, ‘yung artista! ‘Yung anak ng Ninang Imee mo!”

“Si Terrano Montes?” Natigilan si Ayna, sabay simangot.

Of course, kilala niya ang ugok. Ilang beses niyang nakalaro ang lalaki noong nasa kinder pa sila. At lagi siyang ginugulangan ng herodes! Sinira pa nito ang kaisa-isang *Barbie* doll niya.

“Di ba, siya si Tyrone, ‘yung sikat na artista ngayon? May teleserye gabi-gabi.”

“Hindi po ako nanonood ng local channels. At wala akong hilig sa mga local na artista.”

“Uy, Ayna, tigilan mo ang pagmamaldita diyan ha. Eh, kung ipatanggal ko ang cable sa kuwarto mo at nang matuto kang manood ng mga teleserye? Dapat nga tangkilikin mo ang sariling atin, hindi ‘yung puro na lang TV series sa US ang pinapanood mo.”

“Yuck. Kung katulad din lang ng Terrano na ‘yun ang makikita ko, huwag na lang. Cartoons na lang ang panonoorin ko.”

“Malaking pera ang trenta y singko mil! Huwag kang maarte diyan!” Pinandilatan pa siya ng mata ng mama niya.

“Mama, kampon ng diyablo si Terrano. Mawawalan kayo ng unica hija kapag hinayaan n’yo akong magtrabaho sa kanya. Lalasunin ako n’un, maniwala kayo!”

“Huwag ka ngang magsalita nang masama tungkol kay Tyrone, nakakahiya sa ninang mo! Baka isipin niya, hindi ka napalaki nang maayos!”

“Sino ba ang anak niyo? Ako o si Terrano?”

“Heh! Tumigil ka!” asik nito.

Nagdadabog na pumasok sa kuwarto niya ang dalaga. Ano ba ang meron kay Terrano? Bata pa lang sila, magiliw na ang mama niya sa lalaki. Tuwang-tuwa ito kapag naririnig na nagsasalita ng English si Terrano, para daw kasing Amerikano. Pati mga kapitbahay nila, nakukyutan sa anak ng Ninang Imee niya kapag dumadalaw sa kanila. Bibong-bibo daw at malambing.

Samantalang siya, bata pa lang, maton na. Nakikipag-away sa kaklase kapag tinutukso. Pati nga si Terrano noon ay nakatikim ng sapak mula sa kanya—bagay na ikinagalit ng mama niya at nagresulta ng tatlong palo.

Dalawang taon din siyang nagtiis na kaklase ito—noong Prep at Kinder. Mabuti nga at lumipat na ang mga ito kaya hindi na niya naging kaklase pagdating ng Grade 1. Laking tuwa noon ni Anya nang hindi na makita sa school ang lalaki, but still, hindi nawala ang asar niya kay Terrano.

Kung tutuusin ay kinakapatid niya ang lalaki

dahil ninang nga niya ang mommy nitong si Imee, pero daig pa nila ang dalawang bansang may cold war. Hindi sila nagkikibuan kahit noon pa. Kapag nagkakasama naman ang mga pamilya nila sa mga okasyon, sila mismo ang lumalayo sa isa't isa.

Maliit lang naman kung tutuusin ang Taal, Batangas; magkakakilala ang mga pamilya doon at masasabing close ang pamilya niya at pamilya ni Terrano. Hanggang sa lumipat na nga ang mga ito sa Maynila.

Natatandaan ni Ayna na bago siya mag-high school ay nagagawa pa ng Ninang Imee niya na magbakasyon sa Taal kapag summer. Usually, isang linggo kapag Mahal na Araw. Pero hindi rin naman sila nagkikita ng kinakapatid dahil na rin siguro magkaiba sila ng hilig. Iba rin sila ng mga nakakasalamuha.

At hindi kami friends, ismid ni Ayna.

And in recent years, hindi na talaga nakakauwi doon ang pamilya Montes. Nawala na rin naman sa kamalayan niyang nag-e-exist ang lalaki, lalo na noong college na siya.

Sa *UP Los Baños* siya nag-aral at nagtapos

ng Communication Arts. Sinubukan niyang pumasok sa isang regular job sa Makati pero isang taon lang ang kanyang itinagal. Bukod sa na-bore siya, hindi lang talaga sanay ang dalaga na pumapasok nang maaga at naka-uniform! Feeling ni Ayna ay hindi siya makahinga, at hindi rin masaya kaya iniwan niya ang trabaho at umuwi ng Taal. Pumasok siyang researcher sa isang UN-affiliated na NGO at three years din siyang naglakbay sa iba't ibang panig ng Pilipinas.

Then last year, she decided it was time to pursue her dream of studying in London.

Nakipag-ugnayan siya sa British Council na nasa Maynila at humingi ng mga impormasyon tungkol sa mga available na scholarships sa London. Agad siyang nagpadala ng application letters sa mga universities doon na bukas sa mga foreign students na gustong kumuha ng masteral doon. Dahil na rin sa pagkakaugnay niya sa mga proyektong tinutulungan ng *United Nations*, nabigyan siya ng mga recommendation letters. Nag-resign siya sa trabaho para naman makapag-relax siya habang naghihintay ng mga resulta.

May naipon na rin naman siya sa bangko kahit paano. Hindi naman kasi siya maluho at libre naman ang mga trips niya, with allowance pa kaya naipon niya nang buo ang sahod niya. Sa loob ng tatlong taon, kasama na rin ang mga naging raket niya as tutor and online contributor.

Pero siyempre, para sa mama niya at ilang kamag-anak, she was nothing but a bum right now dahil nasa bahay lang siya at hindi pumapasok like normal people. Against din ang mama niya sa pagtungo niya sa London para mag-aral dahil baka mapahamak daw siya. But she insisted. She was already twenty-six years old, siguro naman ay kaya na niyang pangalagaan ang sarili sa ibang bansa. But mothers will always be mothers; lahat ng paraan para hindi malayo ang anak ay gagawin.

Lalo pa nga at nag-iisang anak lamang siya, sila na lang ng mama niya ang magkasama sa mundo.

Kinabukasan ay muli siyang kinulit ng mama niya tungkol sa pagtatrabaho kay Terrano. Alas otso pa lang ng umaga ay kinatok na siya nito

at ginising.

“Tumawag si Imee, tinatanong kung makakaluwas ka na daw ng Maynila ngayon.”

“Ngayon?” Kinuha ni Ayna ang unan na malapit nang mahulog sa paanan ng kama. “Ma, inaantok pa ako eh. Alas kuwatro na ako natulog!”

“Mabuti pa ‘yang TV, pinagpupuyatan mo,” sumbat ng ina.

“Nagbasa po ako kagabi.” Nagtalukbong siya ng kumot, baka sakaling ma-realize ng ina na gusto pa niyang matulog.

“Eh, kung doon ka na lang sa Maynila? At least habang nagbabasa ka eh kumikita ka pa!” hirit uli ng mama niya.

Nakakahalata na si Ayna! Ipinagtatabuyan siya ng sarili niyang ina!

“Ma, itinataboy n’yo na ako?” Hurt siya kahit paano. Bakit gusto pa ng mama niyang mapahamak siya sa poder ni Terrano kesa tumigil siya sa bahay nila?

“Ayna, ang gusto ko lang, hindi ka nagkukulong dito. ‘Yung may trabaho ka, katulad ng mga

anak ng mga kapitbahay natin.”

“Iba naman po ako sa kanila!” protesta niya.

Sino ba naman ang mga kapitbahay nilang pinaggigiitan ng mama niya? Si Tessa na midwife sa health center sa bayan? Si Lora na staff ni vice mayor? Si Betsy sa may kanto na checker sa sabungan? O kaya ay si Orly na anak ng may-ari ng punerarya na nagtayo ng sariling punerarya sa kabilang bayan? Naisip ni Ayna na ang mga iyon lang naman ang mga batchmates niya noong elementarya na nasa neighborhood nila. Bakit ikinukumpara siya ngayon ng mama niya sa kanila? Ang chaka, ha!

“Ang punto ko, sila, may mga trabaho. Ikaw, nandito sa bahay. Siyempre ang gusto ko, kapag tinatanong nila ako kung nasaan ka, may maikukuwento din ako. Hindi naman nila maintindihang may hinihintay kang scholarship na ‘yan. Ang nakikita nila, nakatambay ka lang.”

Ibinaba ni Ayna ang kumot at napatingin sa magulang. Ibig bang sabihin, pinagchichismisan siya ng mga kapitbahay kaya affected ang mama niya?

Humanda ‘tong mga ‘to! Nag-mental note siya sa sarili na kapag mayaman na ay iimbitahin niya ang buong baranggay para matuwa naman ang mama niya. At nang lumuwa ang mga mata n’yo!

“Puwede ka namang magpaalam sa Ninang Imee mo kapag dumating na ang scholarship mo eh,” salestalk uli ng mama niya.

“Bakit ba kasi kelangan ni Terrano ng personal assistant at secretary? Ano siya, congressman?!” Ngayon pa lang ay nae-envision na ni Ayna na saksakan ng metikuloso na lalaki.

Di kaya bading ‘yun? Gusto na niyang itanong iyon sa mama niya, kaso baka masapak siya.

“Artista nga kasi.” For the first time ay napangiti ang mama niya. Siguro ay nararamdaman na nitong malapit na siyang pumayag.

“Eh, pupunta lang naman siya sa shooting at aarte, bakit kelangan pa ng mga ganun? Sikat ba siya?”

“Uy, sikat si Tyrone! Napanood ko nga siya noong linggo sa *ASAP*, andaming nagtitiliang

fans”

“Hakot ‘yun malamang,” ismid niya saka bumangon. “Saka bading ba ‘yun?” Hindi na niya napigilan ang sarili na magtanong.

“Ano ba ‘yang mga pinagsasabi mo! Lalaking-lalaki si Tyrone!”

“Eh, bakit nag-aastang prima donna? Ano’ng gusto niya, may sarili siyang entourage? Kung si Piolo sana siya, puwede pa.”

“Driver lang kasi lagi ang kasama niya. Siyempre mahirap nga naman, di ba?” depensa uli ng mama niya.

“Eh di magdala siya ng yaya!”

“Ayaw daw ni Tyrone. Ang gusto niya ‘yung marunong.”

“Marunong saan? Bakit hindi siya kumuha sa mga fans niya? Kung meron ha. I’m sure maraming papayag!” Tuluyan nang tumayo ang dalaga at nag-inat-inat. Ngayon pa lang, nasi-stress na siya kay Terrano!

“Yun nga ang iniwasan ni Imee. Marami kasing obsessed fans, baka akitin si Tyrone at makapag-asawa nang maaga.”

“Sus, matanda na ang anak niya para guwardiyahan niya!” kontra niya.

“Kaya nga ikaw ang gusto niyang kunin dahil alam niyang safe sayo si Tyrone.”

“At ako naman ang inilalagay n’yo sa panganib!”

Pumasok na ng CR si Ayna para maligo. Nag-isip siya nang husto.

Wala nga namang masama kung kunin niya ang offer ng ninang niya. Hindi naman siguro mahirap mag-assist sa isang artista? Magdadala na lang siya ng *iPod* at libro para hindi mabore kapag kelangan niyang maghintay nang matagal.

And thirty-five thousand is still thirty-five thousand. Not bad.

Paglabas niya ng banyo ay nagbihis muna siya saka nagtungo sa komedor para kumain. Bago pa magsalita ang mama niya ay inunahan niya ito.

“Oo na. Magtatrabaho na. Kung makapagsalita naman kasi kayo, para bang matagal na akong tambay.”

“Tatanggapin mo na ‘yung offer ni Imee?” Parang bombilyang nagliwanag ang mga mata ng kanyang mama. Tumango si Ayna. “Naku, matutuwa ang ninang mo!”

“Pero sinasabi ko ho sa inyo ha, kapag nagkamali ‘yang si Terrano, humanda ‘yan sa akin. Walang arti-artista, sasapakin ko talaga siya!”

“Ano ka ba naman, Ayna. Kalimutan mo na nga ‘yang inis mo sa tao. Matagal na ‘yun. Mga bata pa kayo noon kaya lagi kayong nag-aaway. Malalaki na kayo ngayon,” sermon ng mama niya. Hawak nito ang cellphone at mukhang tatawag na sa Maynila.

Sasagot pa sana siya pero may kausap na ang magulang sa telepono. Excited itong nagbalita sa Ninang Imee niya na pupunta na siya ng Maynila.

“Oo, mare, aalis siya ngayong araw. Basta i-text mo lang ang eksaktong address at kayang hanapin iyon ni Ayna. Alam mo naman ‘to, magaling sa galaan. Madali lang sa kanya ‘yan.”

Hindi alam ng dalaga kung matutuwa o maiinis. Pinupuri ba siya ng ina o pinariringgan?

Lalo niyang binagalan ang pagkain. Wala siyang balak na umalis nang maaga.

Pagkatapos kumain ay umalis muna si Ayna. Hinabol pa siya ng mama niya at tinanong kung saan pupunta.

“Diyan lang ho. May bibilhin.” Totoo namang may bibilhin siya—phone card para sa cellphone niya. Pero gusto muna niyang magsimba at magdasal.

She was about to take another road. Ayaw niyang maligaw ng landas, baka kasi makalimutan niya ang goal kaya gusto niyang humingi ng gabay mula sa langit. Ganoon siya lagi kapag may gagawing importanteng hakbang sa buhay, lahat ay ipinagdadasal.

Pagbalik niya bandang lunch time ay nagulat siya nang makitang may ilang box ng buko pie, pineapple pie at ilang kakanin sa mesa.

“Ano ‘yan?”

“Dadalhin mo sa Maynila, para naman may pasalubong ka.”

“Gusto n’yo hong samahan na rin ng buhay na manok saka upo? Ilagay ho natin sa bayong para maganda ang presentation.” Nakangiti si

Ayna pero hindi nakaligtas sa mama niya ang sarkasmo sa komento niya.

“Sasabunutan na kitang bata ka, eh,” sita nito sa kanya. “Ano ba naman kung dalhin mo ang mga ‘yan? Hindi ka naman magba-bus, di ba? Magdadala ka naman ng sasakyan kaya huwag ka nang umangal diyan.”

Dadabog-dabog siyang pumasok sa kuwarto at nag-ayos ng gamit. Habang nagliligpit ay naengganyo pa siyang manood ng TV. Kung hindi pa pumasok ang mama niya ay hindi pa siya kikilos uli. Katakot-takot ang bilin nito sa kanya bago umalis.

“Alagaan mo si Tyrone, ha? Huwag kang makikipag-away.”

“Pag may oras ka, ipagluto mo siya ng palitaw. Gusto niya ‘yun.”

“Huwag mong kalimutang ibigay kay Imee ‘yung mga kakanin!”

“Bigyan mo ng buko pie si Tyrone, baka ikaw lang ang kumain!”

Nakahinga lang si Ayna nang maluwag nang makaalis ng bahay nila.

Dala ang kanyang secondhand car na 2015 *Toyota Corolla*, nag-drive papuntang Maynila si Ayna nang araw ding iyon. Pero bandang alas kuwatro na siya umalis kaya gabi na siya nakarating sa Quezon City.

Sa *Corinthian Hills* nakatira ang Ninang Imee niya. Hindi naman siya nahirapang hanapin ang bahay nito, kilala na kasi ng mga guards.

Agad naman siyang pinatuloy ng mga maids nang dumating. Ipinasok na ang mga gamit niya na binubuo ng dalawang malalaking maleta ng mga damit, dalawang pares ng sapatos, libro at abubot, saka isang maliit na *JanSport* backpack kung saan naroroon ang kanyang laptop, *iPod* at kung anu-ano pang maliliit na gamit. Panay jeans, t-shirts at mga rubber shoes lang ang dinala niya. Tatal, magbabantay lang naman siya ng isang brat na artista. Hindi naman siguro siya required na magsuot ng gown!

Katatapos lang niyang uminom ng tubig sa komedor nang marinig niya ang boses ng kampon ng kadiliman.

Wish upon a Superstar by Averiz Gale

“Andiyan na ba ang bagong PA?” Iritable agad ang tunog ng boses.

“Naku, si Sir, gising na!” Natatarantang tumakbo ang isang maid para lapitan ang amo.

Hindi natinag si Ayna. *Care ko sayo.*

“Ikaw?” Kitang-kita ng dalaga na nanlaki ang mga mata ni Terrano nang magkaharap sila.

Pero nang makita niyang naka-boxer shorts lamang ito at walang suot na t-shirt, siya naman ang na-shock!

2

Genuine ang gulat na naramdaman ni Tyrone nang makita niya si Ayna sa bahay nila. His mother never bothered to tell him na darating ang itinuturing niyang babaeng impaktita.

Sana hindi na muna siya umuwi sa *Corinthian Hills!* Sana doon na lang muna siya sa *Imperial Suites* naglagi. Tatal, malaki ang unit niya roon, very cozy at solo pa niya ang lugar. Wala nga lang siyang mga maids doon na taga-linis ng mga kalat at magluluto para sa kanya. Pero para sa binata, mas okay na 'yun, kesa manganib na naman ang buhay niya sa kababata, na kutob niya ay ipinaglihi kay *Xena, the Warrior Princess!*

Simula pa kasi noong maliliit pa sila ay ramdam na ni Tyrone na may lihim na galit sa kanya si Ayna. Nasapak na siya nito sa harap ng mga kaklase nila at nahampas na rin ng payong. Binato rin siya dati ng babae ng *Barbie* doll nito. Kaya naman takot na siyang lumapit noon sa inaanak ng mommy niya. Kahit lagi siyang pinaalalahanang kinakapatid niya ang bruhilda, mas pinipili na lang niyang lumayo o kaya ay maglaro ng mag-isa. Mas tahimik,

mas safe.

Ang laki ng pasasalamat niya nang lumipat na sila ng Maynila at i-enroll siya ng ina sa *Ateneo*. At least, all-boys sila sa elementary and high school. And the facilities were way better! He thought he would never see Ayna again, kasi matagal na siyang hindi nagagawi sa Batangas. Kahit nga nitong nag-artista na siya, kapag doon sa may bayan nila ang event o show, tinatanggihan niya talaga.

Pero unwritten law of the universe nga yata talaga na kung sino usually ang iniawasan, ‘yun pa lagi ang nakakasalubong!

“What are you doing here?”

Nagkibit-balikat lang ang babae, saka kampanteng nagtungo sa sala nila. Umupo doon at parang kurdapyang naghihintay ng mga alipin!

Gigil na sinundan ni Tyrone ng tingin ang kababata. Surely, hindi naman siguro ito ang sinasabi ng mommy niya na magiging bagong PA niya?

“Ako na ang personal assistant and secretary mo,” narinig niyang imporma ni Ayna, while

flipping through the pages of *Cosmopolitan Magazine*. Parang bored na bored ito sa nakikita.

Promdi ang bago niyang PA? Pero hindi na niya isinatinig ang unang naisip. He just mentally noted na kailangan niyang kausapin ang mommy niya—at pronto!

“Ngayon pa lang, sinasabi ko na sa’yo na hindi na uubra sa akin ang mga kalokohan mo. Kung noon, kaya mong daanin ang lahat sa mga pa-cute mo, ngayon ay hindi na,” buong tapang na pahayag ng babae.

“Kelan ako nagpa-cute?”

This is unbelievable, sigaw ng utak ni Tyrone. Pinipigilan na lamang ng binata ang sarili na huwag mainis. May pupuntahan pa kasi siya at ayaw niyang masira ang gabi niya.

“Kaya lang ako pumayag na maging PA mo ay dahil sa pakiusap ng mama ko at sa kapipilit ng mommy mo. Kung ako ang masusunod, ni ayaw kitang makita, kahit anino mo lang.”

“Don’t worry, the feeling is mutual.” ‘Yun lang at tumalikod na si Tyrone, bago pa siya makasapak ng babae, something na ni sa

panaginip ay hindi niya kayang gawin. But somehow, Ayna had a way of bringing the devil into the picture.

Pagpasok sa kuwarto ay agad na tinawagan ni Tyrone ang kanyang mommy. Agad siyang nagreklamo kung bakit si Ayna ang kinuha ng ina na maging PA niya.

“I’ve known Ayna since she was a kid. Best friend ko ang mama niya and I know she’s very organized. Matalino pa. I’m sure she can take care of you.”

“Mom, I can take care of myself. Hindi ko kailangan ng isang warrior princess!” angal ni Tyrone.

“Hoy, tigilan mo na ang pang-aasar na ‘yan kay Ayna ha. Baka mamaya, marinig ka at magsumbong sa mama niya. Nakakahiya. Lalaki ka pa naman.”

“Puwede namang kumuha na lang tayo ng tao sa agency. I’m sure meron silang maibibigay.”

“Hindi ako sigurado sa agency, anak. Saka mas magulo lang kapag hindi natin kakilala. Unlike Ayna na childhood friend mo.”

“We were never friends,” he reminded his mother. “Lagi niya akong inaaway when we were kids.”

“Pareho lang kayong bata noon kaya lagi kayong nagkakaasaran. I’m sure hindi na mangyayari ‘yan ngayon.”

“Ma, she hates me,” deklara niya.

“Then, be that sweet and loving Tyrone on screen, and I’m sure magugustuhan ka niya.”

“I don’t think so.” Pakiramdam ng binata ay useless nang makipag-usap sa mommy niya. Obviously ay naka-set na ang utak nito regarding Ayna.

Kelangan siya na mismo ang kusang umalis dito, naisip niya.

Paglabas ni Tyrone mula sa kuwarto ay agad niyang tinawag ang isa sa mga maids.

“Pakisabi kay Pidong na ihanda ang kotse. May taping ako ng alas dose.” Hindi niya nakikita sa labas si Ayna kaya naisip niyang nasa kuwarto na ito at nagpapahinga. “Asan ‘yung PA?”

“Nasa kuwarto po niya, nagpapahinga,” sagot ni Ising. “Tatawagin ko po ba?”

“Sabihin mong may taping ako, kailangan niyang sumama.” Kahit nakaramdam ng guilt ay pilit iyong iwinaglit ni Tyrone sa isip. Mas mabuti ngang mahirapan na agad si Ayna para mag-quit ito sa trabaho.

Expected na niyang aangal ang babae at magtatatalak. But surprisingly, nang muli siyang lumabas ng kuwarto ay tahimik lang itong nakaupo sa sofa at naghihintay sa kanya. Nagpalit na ito ng damit, pero naka-jeans pa rin, rubbershoes at puting t-shirt na pinatungan ng dark hooded jacket. May dala rin itong backpack.

Mukhang ready. Disappointed si Tyrone na tila hindi apektado ang babae sa pagpupuyat.

Paglabas ng bahay ay naghihintay na ang itim na *Fortuner* ng binata, na siyang lagi niyang gamit sa shooting. Agad na sumakay sa unahan si Ayna, ni hindi na siya tinanong kung saan siya uupo. Hindi na kumibo si Tyrone.

“Sa Antipolo pa rin po ba ang shooting?” tanong ng driver na si Pidong.

“Oo. Doon pa rin sa dati,” sagot ng binata, saka nagsaksak ng *iPod* sa tenga.

Nakaidlip pala siya sa biyahe, ni hindi nga niya namalayan na nakarating na pala sila. Kung hindi pa siya ginising ni Ayna ay malamang na nakatulog na siya nang tuluyan. Kinuha niya ang kanyang backpack saka bumaba. Agad siyang sinalubong ng production staff.

“Sir, nasa tent n’yo na po ‘yung bagong script, pati mga requirements para sa susunod na shoot,” ani Miles.

“Pakibigay na lang kay Ayna.” Itinuro niya ang babaeng kasunod. “Siya ang bago kong PA.”

“Ay, talaga! Buti, sir, nakahanap kayo ng bagong assistant. Sayang, mag-a-apply sana ako!”

“Hayaan mo, kapag nag-back out ‘yan, ikaw ang kukunin ko,” pabulong niyang sabi. Then he gave her his killer smile. Kinilig naman si Miles.

Nang tingnan niya si Ayna ay deadma ito sa pinaggagagawa niya. Pokerfaced itong naglalakad kasunod ni Tyrone, bitbit ang isa

ring backpack.

Pagpasok niya sa tent ng mga artista ay agad siyang binati ng mga kasamahan. May welcome kiss siya mula sa mga babae, samantalang kinamayan siya ng mga lalaki.

“Pare, hindi tayo nagkita nung last taping.” Si JC, kasabayan niyang pumasok sa showbiz. Madalas silang ikinukumpara at iniintriga, pero sa likod ng camera ay magkaibigan sila.

“Oo nga, eh. May out-of-town show ka daw. Sa Davao ka ba pumunta?”

“Yeah. Enjoy nga eh. Sayang kami lang ni Enzo ang nandun.” Napatingin si JC sa likuran niya. “Who’s with you?”

“Bago kong PA. Guys, baka magulat kayong may bago akong kasama. This is Ayna,” mabilis niyang pakilala sa babae.

Tumango lang ang ibang artistang naroroon sa loob ng tent, may kani-kaniyang ginagawa.

“Naks. Sigurado ka bang PA mo ‘yan?” Kumindat pa si JC habang nakangiti kay Ayna, bagay na hindi niya nagustuhan.

“Pakana ni Mommy,” bulong ni Tyrone.

“Dito ko na rin ba ipapasunod ang mga gamit mo? May kailangan ka pa?” narinig niyang tanong ni Ayna. Nakita niyang nakakunot ang noo nito.

Kung iba siguro ang PA niya, kanina pa na-starstruck dahil sa mga artistang kasama niya. Pero walang epekto ‘yun sa dalaga. Para pa ngang naiinis ito habang nakatingin sa kanyang mga kasama.

Maldita talaga, naisip niya.

“Alam na ng driver ang mga dadalhing gamit dito. If you want coffee, may dispenser diyan at kape sa labas. If you want sandwiches, meron sa white box na inihanda ng mga maids. Help yourself na lang,” sambit ni Tyrone.

“Fine. Tawagin mo na, lang ako sa labas kapag may kelangan ka.” Iyon lang at lumabas na ng tent ang babae.

“Maganda ‘yung PA mo ha? Hot chick!” komento ni JC.

Napatingin si Tyrone sa kasama. Bulag ba si JC? Bakit nagagandahan kay Ayna? Hot chick? Gusto niyang tumawa nang malakas!

“Suplada ‘yan. Kita mo nga, bigla na lang

lumabas.” Sa isip ni Tyrone, sana ay mainip si Ayna at mag-resign na bukas para hindi na siya nangangamba para sa kaligtasan niya. Feeling kasi ng binata, any moment ay puwede siyang sapakin ng kababata.

“Para ngang hindi assistant kung kumilos. Saan n’yo nakuha?”

“Inaanak ni Mommy.”

“Eh, di kinakapatid mo pala ‘yan!”

“Well, never kaming naging close kasi matapang ‘yan.”

“Buti pumayag na maging PA mo.”

“Bahala siya. Sana nga mag-resign na bukas.” Kinuha ni Tyrone ang laptop niya at nagbukas ng *Facebook*.

“Kapag umalis sayo, baka puwedeng sa akin na lang siya mag-PA. Aalis na si Matet eh,” saad ni JC, na ang tinutukoy ay ang sariling personal assistant.

“Seryoso ka ba?” di-makapaniwalang napatingin si Tyrone sa kasamahang artista.

“Biro lang, pare. Para ka namang hindi sanay sa akin.” Malakas ang tawa ni JC.

Ibinalik ng binata ang atensyon sa *Facebook*. Nakipag-chat siya habang naghihintay ng eksena. Ganun naman ang ginagawa nila kapag nasa set—kung hindi natutulog ay nagku-computer o di kaya ay nakikinig sa music. May ibang nagbabasa ng script. Pero siya kasi ay nagbasa na sa bahay pa lang, so hindi na niya kailangang mag-cram sa set. Mas gusto niyang relax na lang siya kapag nasa location.

Mayamaya ay nilapitan na siya ng wardrobe mistress na si Remy at pinagbihis ng isusuot sa eksena. Tinawag niya si Ayna na nasa labas para mapabantayan ang kanyang mga gamit habang ginagawa niya ang eksena niya.

Sunod-sunod ang take niya kaya after two hours pa siya muling nakabalik sa tent. Naabutan niyang nagkukuwentuhan sina Ayna at JC. At tila tuwang-tuwa pa ang kasamahang aktor sa bago niyang PA!

“Astig pala itong PA mo, Tyr!” sambit ni JC nang makita siyang pumasok. “Galing *UP* pala ‘to!”

Maging siya ay nagulat. Hindi niya akalaing nag-*UP* si Ayna!

Wish upon a Superstar by Averiz Gale

“She’s from *UP?*” sabad ni Daniella, leading lady niya sa teleserye. Parang hindi rin makapaniwala ang babae.

“Dapat nga sa kanya, nasa creative team eh,” sabi pa ni JC.

Nanatiling tahimik si Tyrone.

Nagkibit-balikat lang si Daniella kahit hindi friendly ang dating nito.

Nang makaupo siya ay nagpaalam na si Ayna na magsi-stay sa labas. Pinigilan ito ni JC pero hindi nakinig ang dalaga.